タガログ語版

# PAMUMUHAY NG MABUTING BATA NG IMAKITA-SHO（SY-2024）

Kani-Shi Imawatari-Kita Elementary School

## 1. Tungkol sa Pagpasok at Pag-uwi

(1)Sa pagpasok, dadaan lamang sa tinakdang ruta kasama ang grupo.
※Siguruhin na makarating sa paaralan mula 7:50 hanggang 8:05.

(2)Kapag papunta na sa paaralan, hindi na maaring bumalik sa bahay kahit may nakalimutan.
※Hindi maaring lumabas ng paaralan.

(3)Sa pag-uwi kasama ang kaparehong grado o ang lahat, isaisip ang kaligtasan sa daan. Uuwi na kasama ang grupo.
※Sa oras ng pagpasok at pag-uwi ,lumakad lamang sa sementadong parte ng school ground.

(4)Umuwi nang diretso,huwag dumaan kung saan, halimbawa; para bumili ng pagkain at iba pa.

(5) Pagkatapos ng uwian, bawal balikan ang naiwan na gamit sa skwelahan.

## 2. Tungkol sa Pananamit at sa Kabuuang Hitsura

(1)Komportable, naa-ayon at maayos na pananamit. Tamang gupit ng buhok.
※Kung mahaba ang buhok、 itali ng goma na kulay dark blue, brown o itim lamang.
※Huwag kulayan, magpakulot at magpagupit ng buhok na hindi angkop (Kahit na Summer Vacation).

(2)Isuot ang yellow safety cap.
※Huwag magsuot ng mga goma o ipit sa buhok na sagabal sa pagsusuot ng sombrero.

(3)Pagdating sa paaralan,isuot agad ang name tag sa kaliwang dibdib ng pang-ibabaw na damit.

(4)Sa oras ng P.E., isuot ang tinakdang P.E. uniform.
※Kung hindi natuyo ang PE uniform, maaring magsuot ng komportableng kasuotan sa oras ng PE.
※Maaring magsuot ng (stretchable)sportswear sa loob ng PE uniform kung taglamig.
※Bawal magsuot ng tights dahil mahirap hubarin kung masugatan at uminit ang panahon.

(5)Hubarin ang jacket sa loob ng paaralan at ilagay sa sariling locker sa loob ng classroom.

## 3. Tungkol sa mga Gamit na Dadalhin

(1)Sulatan ng pangalan ang lahat ng sariling gamit.
※Huwag kalimutan sulatan ng pangalan ang damit.

(2)Huwag magdala ng mga bagay na hindi kailangan sa paaralan kagaya ng pera, cutter at iba pa.

(3)Ang Tablet PC ay iuuwi sa bahay araw-araw( dadalhin din sa paaralan).
※Huwag kalimutan na i-charge ang battery sa bahay, sundin ang patakaran sa paggamit nito.

## 4. Tungkol sa Buhay-Paaralan

(1)Tuparin ang 5 pangako「い-I・ま-Ma・き-Ki・た-Ta・小-Sho」ng paaralan.
「い」… Ii Aisatsu-Maaayos na Pagbati　(Isapuso ang Pagbati)
「ま」… Mamorou Jikoku - Sundin ang takdang Oras（Iayon sa oras ang gawain）
「き」… Kichinto Soroete-Maging maayos（Ayusin at Ilagay ang lahat ng bagay sa tamang lugar）
「た」… Damatte Souji　(Tahimik na Maglinis)
「小」… Chiisana Ashi-oto（Huwag tumakbo sa pasilyo, maglakad nang tahimik sa kanang bahagi）

(2)Sa pagtawag sa pangalan ng bawat isa, lagyan ito ng「San～さん」sa dulo.

(3)Huwag lumabas sa veranda/balcony ng walang pahintulot.

(4)Sa araw ng maganda ang panahon「Ao Sora Time・Lunch Break」Isuot ang red/white cap sa

paglalaro sa labas.
※Sa araw na maulan, tahimik na manatili sa loob ng silid-aralan.
※Maglaro lamang sa lugar na lupa ng school ground.

## 5. Pamumuhay sa Loob ng Tahanan at Komunidad

(1)Magsuot ng helmet tuwing sasakay ng bisekleta at tumakbo sa isang linya.
※Ang Grade 1 at 2 ay dapat bantayan ng magulang. Ang Grade 3 naman, hangga't hindi natatapos ang Bicycle Lesson ay mananatiling katulad ng Grade 2.
(2)Hindi maaring pumasok sa school ground nang naka-bisekleta.
※I-hilera ang pagparada ng bisekleta sa ilalim ng Fuji Trellis.
(3)Huwag maglaro sa labas ng paaralan at magtungo sa (Game center, bowling, cinema, karaoke at internet cafe) nang walang kasamang magulang.
(4)Laging isa-isip ang sariling kaligtasan sa lahat ng oras.
①Sabihin ang oras ng uwi ②Sino ang kasama at kung saan pupunta ③Huwag sumama sa hindi kakilala.
④Kung nasa peligro, sumigaw ng malakas at tumakbo. ⑤Humingi ng tulong sa mga tao sa paligid.
⑥Huwag maglaro ng delikadong bagay (air gun, apoy) ,sa delikadong lugar (kalsada、irrigation canals at construction site).
※Kapag nakaramdam ng peligro o kahina-hinalang tao, sabihin agad sa magulang at tumawag ng pulis.
(5)Huwag manghiram at magpahiram ng gamit o pera sa kaibigan.
(6)Sundin ang patakaran na itinakda sa bahay tungkol sa paggamit ng computer, smartphones, games at iba pa.
※Lalo na sa online games, iwasan madamay sa gulo at pinsala na dulot nito.

## 6. Confirmation Regarding Cold Weather Gear

(1) As a preventive measure against influenza and coronavirus, it is acceptable to wear cold weather gear indoors on very cold days.
・The gear should be foldable and fit into the school backpack.
(2) During commuting to and from school, it is acceptable to use a neck warmer. However, scarves should not be used for safety reasons.

(3) In the morning, if you bring a hand warmer to school after consulting with your parents, make sure to write your name on it and avoid showing it to others. Do not lend the hand warmer to friends or use it for play. Do not dispose of it at school.
(4) During physical education classes, activities will be conducted in gym clothes.
①Wear short-sleeve or long-sleeve gym shirts and shorts.
・In winter, it is acceptable to participate in gym class wearing the school jersey.
②Using of gloves will be decided and instructed by the teacher based on the lesson content.
③It is acceptable to wear flexible, stretchable sportswear under the gym clothes.
④Do not use tights, as they cannot be quickly removed for injury treatment or temperature regulation.

## 7. At iba pa

(1)Kung absent, late o uuwi ng maaga, ipaalam ito gamit ang (すぐーる SUGURU).
※Kung emergency at may importanteng problema maaring itawag sa telepono.
(2)Kung may pagbabago sa paraan ng pag-uwi, isulat sa yotei-cho ng anak at ipasa sa guro.
※Iwasan ang biglaang pagbabago at pagtawag sa mismong araw.
(3)Sa paghatid, sundo ng ating anak sa paaralan, laging isaisip ang kaligtasan sa daan.
※Huwag maghintay sa loob ng sasakyan, sunduin ang anak mula sa pintuan ng paaralan or

piloti (ピロティ).

※Iwasan makipagkita sa anak sa ibang lugar,maliban sa loob ng paaralan.

(4)Ang oras ng tawag at pagtanggap ng bisita sa paaralan ay 7:50 hanggang 18:00 lamang.

(5)Kung sa di-inaasahang pagkakataon ng aksidente, kahina-hinalang tao, tawag sa telepono at iba pa, agad itong ipagbigay-alam sa pulis.

◇Kani Police TEL (0574) 61−0110
◇Lokal na Kagawaran ng Edukasyon(Kani) TEL (0574) 62−1111
◇Imakita Elementary School TEL (0574) 63−1500
◇24Hour Child Helpline 0120−0−78310

※Para sa kaso ng bullying at iba pa na may kaugnayan sa mga bata,tumawag sa Lokal na Kagawaran ng Edukasyon.Kahit gabi at walang pasok kayo ay iko-konekta sa ahensya na maaring hingan ng payo.

(6) Ang nilalaman ng「Pamumuhay ng Mabuting Bata ng Imakita-Sho」ay maaring magbago kung kinakailangan.